



| MATATAG<br>K to 10 Kurikulum<br>Lingguhang Aralin | Paaralan: | DepEdClub.com | Baitang: | 4 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | FILIPINO |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | | Markahan: | |
| | | SEPTEMBER 2 - 6, 2024 (WEEK 6) | | Unang Markahan |

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabolaryo, kamalayan sa gramatika (denotasyon, konotasyon), pag-unawa sa tekstong naratibo (alamat, pabula, parabula, at anekdota) at tekstong impormatibo (pag-iisa at paglalarawan), paglinang ng mga kasanayang produktibo gamit ang wika upang makalikha ng tekstong tumatalakay sa mga paksaing lokal o rehiyonal na naaangkop sa edad at nagsasaalang-alang sa kasarian batay sa layunin, konteksto, at target na madla. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa pagsasalaysay ng nakawiwiling pangyayari na naglalarawan ng isang lokal o rehiyonal na karanasan (anekdota). |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Mga Kasanayan**<br>A. Nauunawaan ang tekstong impormatibo (pag-iisa at paglalarawan).<br>B. Nakikilala ang paksa, pangunahin, at mga pansuportang detalye;<br>C. Nagagamit ang mga bahagi ng panalita sa pagpapahayag<br>a. Gamit ng mga Panlapi<br>b. Pangatnig<br>D. Nakabubuo ng teksto batay sa iba't ibang layon ng akademiya at transaksiyonal na teksto (liham pangkaibigan (paanyaya))<br>E. Natutukoy ang mga elementong biswal (linya, hugis, kulay, espasyo, pag-aanyo at direksyon (directionary) at ang kahulugan nito. |
| **C. Nilalaman** | **Tekstong Impormatibo na Liham Pangkaibigan** |
| **D. Integrasyon** | |

**II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO**

Mercado, L. G. (2020). Kung tayo ay handa, Sakuna ay walang panama. Pagsanjan Integrated National High School. Retrieved from https://leomargmercado.wixsite.com/leogm/kung-tayo-y-handa-sakuna-y-walang-panama

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**1. Maikling Balik-aral**<br><br>**ALAM KO.** Tukuyin kung anong hakbang upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 ang ipinapakita sa larawan.<br><br>1.  2.  3.  4. <br><br>5.  | (15 minuto)<br><br>Ang bahaging ito ay elaborasyon ng pagtuturo sa implementasyon ng iba't ibang bahagi ng aralin.<br><br>Ang mga tala ay magiging gabay sa mga guro sa paraan ng presentasyon ng aralin at gawain, mungkahing teksto o lunsaran, kagamitan, at sanggunian, maging ang bahagi sa proseso ng integrasyon.<br><br>**Mga Tamang Sagot:**<br><br>1. manatili sa bahay kung may sakit<br>2. takpan ang ubo gamit ang loob ng siko o tisyu<br>3. iwasan ang paghawak sa mata, bibig at ilong<br>4. hugasan ng madalas ang mga kamay<br>5. iwasan ang mataong lugar |

**B. Paglalahad ng Layunin**

1. **Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**

   **4 PICS 1 WORD.** Suriin ang larawan batay sa nais nitong ipakita.

   **Gabay na tanong:**
   1. Anong paksa ang maaaring mabuo sa mga larawan ibinigay?
   2. Bakit dapat maging handa?

2. **Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**

**BIGYANG KAHULUGAN.** Basahin ang sumusunod na pahayag at ibigay ang kasingkahulugan ng mga salitang may salungguhit. Isulat ang salitang-ugat ng mga salitang may salungguhit sa Hanay A at isulat naman ang panlaping ginamit sa salita sa Hanay B.

1. Sa panahon ng lindol, makararanas tayo ng **pagyanig** ng lupa.
2. Una, **pag-usapan** kasama ang pamilya ang tungkol sa lindol.
3. Habang lumilindol, huwag nang **umalis** sa puwesto.
4. Kung ikaw ay mayroong mga kasama, kailangang hindi kayo **magkakahiwalay**.
5. Pagkatapos, **umiwas** sa mga sirang gusali para maiwasan ang paggguho nito.

(45 minuto)



Mga Tamang Sagot:

| Salita | Salitang-ugat | Panlapi |
|---|---|---|
| 1. | | |
| 2. | | |
| 3. | | |
| 4. | | |
| 5. | | |

| Salita | Salitang-ugat | Panlapi |
|---|---|---|
| 1.pagyanig | yanig | pag- |
| 2.pag-usapan | usap | pag- -an |
| 3.umalis | alis | um- |
| 4. magkakahiwalay | hiwalay | mag- |

1. paggalaw
2. pagkasunduan
3. lumipat
4. magkakalayo
5. lumihis

Ipagamit sa makabuluhang pangungusap ang mga salitang binigyang-pansin.

5.umiwas Iwas um-

| | | |
|---|---|---|
| | | |

| | | |
|---|---|---|
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br><br>**Kaugnay na Paksa 1: Tekstong Impormatibo na Liham Pangkaibigan**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>**BASA-UNAWA:** Basahin ang akdang "Kung tayo ay handa, Sakuna ay walang panama"<br><br>Kinuha mula sa:https://leomargmercado.wixsite.com/leogm/kung-tayo-y-handa-sakuna-y-walang-panama<br><br>**"Kung tayo ay handa, Sakuna ay walang panama"**<br>ni Leomar Mercado<br><br>Sa panahon ng lindol, makararanas tayo ng pagyanig ng lupa. Ang ganitong mga klaseng kalamidad ay nagbibigay sa atin ng takot. Kailangan nating iwasan ang ating pagkatakot para hindi lumalala ang situwasyon lalo na kung wala pa tayong karanasan sa mga ganitong bagay. Paano nga ba natin masisiguro ang ating kaligtasan? Ano nga ba ang dapat nating gawin bago, habang, at pagkatapos ng lindol?<br><br>Ang lindol ay isang biglaan at natural na paggalaw ng lupa. Ito ay isang mapanganib na sakuna. Ang mga kadalasang kalalabasan nito ay ang pagkabitak- | (30 minuto)<br><br>Bigyang laya ang mga mag- aaral na makapagsagot sa gawain at tanungin sa detalye batay sa kanilang mga naging kasagutan.<br><br>Iproseso ang mga sagot. I- ugnay sa "pag-iingat sa sarili" at palitawin ang pagpapahalaga dito.<br><br>(20minuto) |


| | | |
|---|---|---|
| | bitak ng mga sementong daan, pagguho ng mga gusali, pagguho ng lupa, at higit sa lahat ay ang kamatayan. Ang mga ito ay maiiwasan natin kung tayo ay laging handa. Ano nga ba ang dapat nating gawin bago ang lindol? Una, pag-usapan kasama ang pamilya ang tungkol sa lindol. Pag-usapan niyo kung saan kayo magkikita-kita kapag natapos na ang lindol. Pangalawa, kailangan nating suriin ang mga bagay na maaaring mahulog sa loob ng ating bahay kung sakaling lumilindol. Pangatlo, kailangan nating maghanda ng First Aid Kit dahil ito ay naglalaman ng mga importanteng pangangailangan na maaari nating gamitin. At huli, dapat lagi tayong alisto at manood ng mga balita tungkol sa mga maaaring paparating na kalamidad, hindi lang sa lindol kundi pati na rin sa tsunami, bagyo at iba pa.<br><br>Tuwing lumilindol, maraming mga tao ang nakararamdam ng matinding takot na kung saan hindi makapag-isip ng maayos ang mga tao. Para mapasiguro ang kaligtasan natin sa mga sitwasyong ito, ano nga ba ang mga pwede nating gawin? Una sa lahat, iwasan ang pagkakaroon ng matinding takot at maging kalmado sa lahat ng oras. Habang lumilindol, huwag nang umalis sa pwesto. Huwag nang magtangka pang tumayo at maglakad. Maghanap kung saan pwedeng sumilong upang hindi malaglagan nang anumang bagay na mahuhulog sa taas dahil importanteng protektahan una ang ulo. At laging tatandaan ang 'duck, cover and hold'. Sunod, kung ikaw ay mayroong mga kasama, kailangang hindi kayo magkakahiwalay. Kailangang siguraduhin na ligtas ang iyong mga kasama. At sa huli, kailangang maging alerto sa mga hindi inaasahang pangyayari gaya ng mga aftershocks.<br><br>Ang lindol ay mahirap iwasan dahil biglaan ang pagdating nito. Kaya marami tayong dapat malamang mga hakbang sa paghahanda. Pero hindi pa diyan nagtatapos ang ating paghahanda. Ano nga ba ang mga dapat nating gawin pagkatapos ng lindol? Una, kailangan nating suriin ang ating mga sarili kung mayroon tayong mga nakuhang sugat. Sunod, umiwas sa mga sirang gusali para maiwasan ang pagguho nito. At huli, kailangang maging kalmado tayo bago, habang o pagkatapos ng lindol.<br><br>Maiiwasan ang malaking pinsala ng lindol kung tayo ay magiging handa. Kailangan nating maging alerto lagi upang maiwasang lumala ang sitwasyon. Ayon | (30 minuto)<br><br>Palulutangin ang sagot ukol sa mga salitang naka-underline) |

kay Stephen King, There’s no harm in hoping for the best, as long as you’re prepared for the worst.

**Gabay na tanong:**

1. Anong suliraning panlipunan ang naging paksa sa nasabing teksto?
2. Ano ang sanhi ng pagkakaroon ng lindol?
3. Ano ang epekto ng pagkakaroon ng lindol?
4. Ano ang pangunahing detalye sa binasang teksto?
5. Ano-ano ang mga pansuportang detalye sa pangunahing detalye ng binasang teksto?
6. Ano-ano ang mga dapat gawin kapag may lindol?
7. Paano makaiiwas sa pinsala ng lindol?

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**



123 San Juan Real St.
Kalayaan, Laguna
Hunyo 21, 2024

Mahal kong Sandy,

Ako ay magdiriwang ng aking kaarawan sa Marso 6, 2025 at kasabay nito ang pagbubukas ng aming maliit na grocery store. Ito ay gaganapin sa ika-2 ng hapon sa bahay namin gaya ng dati inaanyayahan kitang dumalo sa aking pagdiriwang.

Ako ay umaasa na makadadalo ka para makapagkuwentuhan naman tayo at nang makita mo rin ang bago kong alagang pusa.

Ang iyong kaibigan,
Leomar

**Gabay na tanong**

1. Ano ang napansin sa binasang liham?
2. Ano ang tawag sa mga nakasalungguhit na salita?
3. Paano ito ginagamit?

**Paglalapat at Pag-uugnay**

**UGNAYAN:** Ikahon ang pangatnig sa bawat pangungusap.


(30 minuto)

1. Mabigat ang trapiko kaya nahuli ako sa klase.
2. Naglilinis siya ng silid habang nakikinig siya sa radyo.
3. Magbabasa ako ng aklat o manonood ako ng telebisyon.
4. Hindi kumikibo si Mario kapag malapit si Anna sa kanya.
5. Huwag mo siyang tularan sapagkat masama ang ginagawa niya.
6. Sasabay sana ako kay Maricar pauwi subalit nakaalis na pala siya.
7. Hindi pumasok sa paaralan si Nelia dahil sumakit ang kanyang ngipin.
8. Hindi siya matipid sa pagkain palibhasa marami ang perang baon niya.
9. Uuwi ako nang maaga para matulungan ko si Nanay sa mga gawaing bahay.
10. Naghintay si Nanay sa sala hanggang dumating si Tatay mula sa opisina.

## IKATLONG ARAW


**1. Pagproseso ng Pag-unawa**

**LIHAM-ALAM.** Ibigay ang Kahulugan ng Liham pangkaibigan batay sa binasang liham.



**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**TALAALAMAN:** Itala ang bahagi ng isang liham pangkaibigan.



**Paglalapat at Pag-uugnay**

**SULAT-LAPAT.** Sumulat ng Liham Pangkaibigan gamit ang mga pangatnig na nasa ibaba. Aanyayahan mo ang iyong matalik na kaibigang matagal nang di mo nakalaro at nakasama.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| at | para | kasi | gaya ng | o |

<table>
<tr>
<td>D. Paglalahat</td>
<td>
IKAAPAT NA ARAW<br><br>
1. Pabaong Pagkatuto<br>
PUNUAN MO. Punan ang sumusunod na talahayanan:
<table>
<tr><th>Dating Kaalaman sa Lindol</th><th>Bagong Impormasyong nakuha mula sa Tekstong Binasa</th></tr>
<tr><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td></tr>
</table>
<br>
2. Pagninilay sa Pagkatuto<br>
ALAM NA. Sumulat ng Liham Pangkaibigan at Tukuyin ang limang bahagi ng liham mula sa iyong isinulat.
</td>
<td>(20 minuto)<br><br>(40 minuto)</td>
</tr>
</table>

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | MGA TALA SA GURO |
|---|---|

<table>
<tr>
<td>A. Pagtataya</td>
<td colspan="3">1. Pagsusulit<br><br>Isulat ang ankop na pangatnig upang mabuo ang idea ng pangungusap.<br>1. Sa panahon ng krisis, tumataas ang presyo ng mga bilihin ____________________ang bayad sa koryente.<br><br>2. Hindi ako nakatulog kagabi____________ masyadong maingay ang aking kapitbahay.<br><br>3. Magsasanay ako tuwing hapon ______ gumaling ako sa pagtugtog ng piyano.<br><br>4. Mahimbing pa rin ang tulog ni Juan ______ napakalakas ng tilaok ng mga manok sa kaniyang bakuran.<br><br>5. Pagod na si Carlo ___________hindi siya makatulog.</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td>
</tr>
<tr>
<td>Estratehiya</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Kagamitan</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>At iba pa</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin? Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin? Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?* | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |